
# Mga Kababaihan at HIV

Kada taon, libo-libong mga kababaihan ang nahahawaan ng HIV. Alamin ang mga katotohanan. Turuan ang mga kababaihan sa inyong pamilya at komunidad kung paano maiiwasan at gamutin ang HIV.

## Ano Ang HIV?

Ang HIV ay ang virus na sanhi ng AIDS. Ang tao na may HIV ay tinatawag na HIV positive (HIV+). Ang HIV ay nagpapahirap sa iyong katawan upang labanan ang mga karamdaman.



FDA para sa Kalusugan ng mga Kababaihan
www.fda.gov/womens

## Paano Ka Nakakuha Ng HIV?

Ang HIV ay kumakalat sa pamamagitan ng mga likido sa katawan gaya ng dugo, semilya o gatas ng ina.

Maaari kang makakuha ng HIV kapag ikaw ay:

- Nakipagtalik sa isang tao na HIV+ at hindi gumamit ng condom.
- Magbahagi ng karayom o hiringgilya (drug works) sa isang tao na may HIV.
- Kumuha ng dugo mula sa isang taong mayroong HIV. Ngayon lahat ng donasyong dugo ay nasubok na para sa HIV. Hindi ka makakakuha ng HIV sa pagbibigay ng dugo.

Karamihan sa mga kababaihan ay nakakakuha ng HIV mula sa pagkakaroon ng hindi protektadong pakikipagtalik sa mga kalalakihan. Palaging gumamit ng condom tuwing nakikipagtalik.

Hindi ka makakakuha ng HIV sa pakikipagkamay, paghalik, o pagbabahagi ng mga gamit sa bahay tulad ng mga tinidor o baso sa isang taong mayroong HIV.

## Paano Mo Malalaman Kung Angslang Tao Ay May HIV?

Ang tanging paraan upang makasigurado ay ang pagkuha ng pagsusuri sa HIV.

- Hindi mo masasabi kung sino ang may HIV sa pamamagitan lamang ng pagtingin sa kanila. Karamihan sa mga tao ay hindi nagpapakita ng anumang panlabas na palatandan nang una silang makakuha ng HIV.
- Ang isang tao ay maaring makapag laganap ng HIV kahit na hindi siya mukhang may sakit.

## Paano Ka Makakapagpasuri Para Sa HIV?

Mayroong tatlong pangunahing uri ng pagsusuri ng HIV:

- Dugo — Ang pagkuha ng kaunting dugo mula sa iyong daliri o braso.
- Bibig o Bunganga — Pagkuha ng likido mula sa loob ng iyong bibig o bunganga.
- Ihi — Isang maliit na tasa ng ihi ang ginagamit.

Ang ilang mga pagsusuri sa HIV ay inaabot ng 1-2 linggo para makuha ang resulta mula sa lab. Ang iba pang mga pagsubok na tinatawag na "mabilis na pagsusuri sa HIV" ay maaaring magbigay ng mga resulta sa loob ng 20 minuto.

Maaari kang suriin sa mga lugar gaya ng tanggapan ng doktor, mobile health van, or health fair. Mayroon din mga pagsusuri ng HIV sa bahay na pinapayagan kang suriin ang iyong sarili.

# Mga Kababaihan at HIV

## Ano Ang "WindowPeriod?"

Maaaring tumagal ng ilang linggo o buwan bago lumabas ang HIV sa isang pagsusuri. Ang oras na ito ay tinatawag na "window period."

- Ang isang tao na nahawahan lamang ng HIV ay maaaring hindi magpositibo kahit na mayroon silang virus.
- Ang isang tao ay maaaring makapagbigay ng virus sa iba sa panahon ng window period.

## Mayroon Bang Gamot Para sa HIV?

Walang gamot sa HIV. May mga gamot na maaaring inumin ng mga tao na may HIV na makatutulong para mahinto ang pagbuo ng virus sa kanilang katawan.

- Ang tao na may HIV ay maaring kailangan uminom ng gamot ng tatlo o higit pa sa araw-araw.
- Sa paglipas ng panahon, maaring maging malubha ang iyong karmadaman kung hindi mo iinumin ang iyong mga gamot sa HIV.
- Ang mga taong may HIV ay hindi dapat tumigil sa pag-inom ng kanilang mga gamot nang hindi muna nakikipag-usap sa doktor.

Inaprubahan din ng FDA ang isang gamot na maaaring inumin ng ilang tao upang mabawasan ang kanilang tsansang makakuha ng HIV.

## Ano Ang Dapat Malaman Ng Mga Kababaihang Buntis Tungkol Sa HIV?

Maaaring maipasa ng isang babae ang HIV sa kanyang sanggol sa panahon ng pagbubuntis, labor, o panganganak. Maaari ring maipasa ng isang babae ang HIV sa kanyang sanggol habang nagpapasuso.

- Ang mga kababaihan na may HIV ay dapat makipagusap sa kanilang doctor bago ito magbuntis.
- Ang mga kababaihan na may HIV ay maaring uminom ng gamot upang mas mababa ang tsansa na magkaroon ng HIV ang sanggol.
- Ang ilang mga gamot sa HIV ay hindi dapat inumin sa panahon ng pagbubuntis dahil maaari itong maging sanhi ng mga kapansanan sa pagkasilang.

Para Malaman Ang Iba pa Tungkol sa HIV at AIDS:

Bisitahin ang AIDS.gov

Para Makahanap ng Lugar ng Pagsusuri na Malapit sa Iyo:

Tumawag sa 1-800-232-4636, o i-text ang iyong zip code sa KNOWIT (566948)

Ang Fact Sheet na ito ay binuo ng Tanggapan ng FDA para sa Kalusugan ng mga Kababaihan. Para sa iba pang mapagkukunan ng pangkalusugan ng mga kababaihan, pumunta sa

www.fda.gov/womens